



ANG LAHAT TUNGKOL SA MGA PATAS NA PAGDINIG

ANO ANG PATAS NA PAGDINIG?

Ang isang patas na pagdinig ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataong masuri ang iyong kaso ng isang mas mataas na awtoridad sa tuwing hindi ka sumasang-ayon sa ginawang aksyon na nagbawas, nagsuspende, tumanggi, o nagtapos sa iyong mga benepisyo. Ang isang patas na pagdinig ay maaaring hilingin para sa anumang programa ng Dibisyon.

SINO ANG MAAARING HUMILING NG PATAS NA PAGDINIG?

Ang sinumang indibidwal o sambahayan na hindi sumasang-ayon sa anumang aksyon na ginawa ng Dibisyon na nakakaapekto sa kanilang pakikilahok sa programa o antas ng benepisyo.

PAANO KA HUMIHILING NG PATAS NA PAGDINIG?

Ang isang kahilingan para sa patas na pagdinig para sa SNAP at Medicaid ay maaaring gawin sa sinumang empleyado ng Dibisyon nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o nang pasulat; ang mga kahilingan para sa lahat ng iba pang programa ay dapat gawin nang pasulat.

GAANO KATAGAL NA PANAHON ANG MAYROON KA PARA GUMAWA NG KAHILINGAN PARA SA PATAS NA PAGDINIG?

Ang mga kahilingan para sa patas na pagdinig sa Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP) ay dapat gawin sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng bisa ng aksyon. Ang mga kahilingan para sa patas na pagdinig para sa lahat ng iba pang programa ay dapat gawin sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng abiso.

ANO ANG MANGYAYARI PAGKATAPOS MATANGGAP NG DIBISYON ANG IYONG KAHILINGAN PARA SA PATAS NA PAGDINIG?

Pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa patas na pagdinig, ang Tanggapan ng Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearing, OAH) ay magpapadala sa iyo ng isang nakasulat na abiso para sa lugar at oras ng patas na pagdinig at ang pangalan at numero ng telepono na padadalhan ng notipikasyon kung ikaw o ang iyong kinatawan ay hindi makakadalo sa patas na pagdinig. Ang abisong ito ay ipapadala sa iyo sa loob ng hindi bababa sa **10** araw bago ang patas na pagdinig para magkaroon ka ng oras upang maghanda.

ANO ANG KUMPERENSYA BAGO ANG PAGDINIG?

Ang kumperensya bago ang pagdinig ay isang boluntaryong pagpupulong sa pagitan mo o ng iyong kinatawan at ng isang kinatawan ng Dibisyon para talakayin ang iyong mga alalahanin tungkol sa aksyon na ginawa sa iyong kaso. Kung minsan ay makakatulong sa iyo ang talakayang ito para maunawaan ang mga dahilan ng pagkilos o ibunyag ang anumang pagkakamali ng ahensya at maaaring hindi na kailanganin ang patas na pagdinig. Hindi maaaring palitan o kanselahin ng kumperensya bago ang pagdinig ang nakatakdang patas na pagdinig. Gayunpaman, kung ang iyong mga alalahanin ay nalutas sa kumperensya, maaari kang magpasya na bawiin ang kahilingan para sa patas na pagdinig.



KAILAN MAAARING TUMANGGI ANG DIBISYON NA MAGSAGAWA NG PATAS NA PAGDINIG?

Maaaring tumanggi ang Dibisyon na magsagawa ng patas na pagdinig kapag:

1. Ang kahilingan ay natanggap pagkatapos lumipas ang panahon kung kailan pinapayagan ang paghiling sa patas na pagdinig,
2. Ang kahilingan ay binawi mo o ng iyong kinatawan sa isang sulat,
3. Ang tanging isyu ng kahilingan ay dahil sa batas pederal o estado na nangangailangan ng awtomatikong pagbabawas ng benepisyo para sa mga klase ng mga tatanggap, o
4. Ang isyung iniharap mo ay hindi saklaw ng hurisdiksyon ng ahensya.

ANO ANG IYONG MGA KARAPATAN BAGO AT SA PANAHOON NG PATAS NA PAGDINIG?

May karapatan ka sa lahat ng sumusunod bago at sa panahon ng patas na pagdinig:

1. Suriin ang file ng iyong kaso.
2. Kumuha ng kopya ng lahat ng dokumento at tala na gagamitin sa patas na pagdinig. Kabilang dito ang naaangkop na mga seksyon ng manwal ng programa na ginagamit ng mga empleyado ng Dibisyon para gumawa ng aksyon na hindi mo sinasang-ayunan. Naaangkop lamang ito sa mga materyal ng kaso na nauugnay sa iyong napapanahong kahilingan para sa patas na pagdinig.
3. Personal na ipahayag ang iyong kaso o katawanin ng isang abogado, paralegal, kaibigan, kamag-anak o sinumang maaaring makatulong sa pagpapahayag ng iyong kaso.
4. Magsama ng mga saksi at magsumite ng ebidensya upang pagtibayin ang mga nauugnay na katotohanan at pangyayari.
5. Pagtibayin ang mga katotohanan at argumento na may kinalaman sa isyu nang walang labis na panghihimasok.
6. Kwestyunin o pabulaanan ang anumang testimonya o ebidensya, kabilang ang pagkakataong harapin at suriin ang mga testigo.

GAANO KAPORMAL ANG PATAS NA PAGDINIG?

Ang patas na pagdinig ay HINDI isang paglilitis. Ito ay isasagawa sa isang hindi pormal na paraan at dadaluhan ng Hukom sa Batas Administratibo, isang kinatawan para sa Dibisyon, at ikaw o isang miyembro ng iyong sambahayan at/o ang iyong kinatawan.

Hindi mo kailangang maging pamilyar sa mga alituntunin ng ebidensya. Sisikaping matukoy ang mga katotohanan sa isang paraan na maginhawa para sa iyo. Kung nais mong isaalang-alang ng Hukom ng Batas Administratibo ang mga dokumento o nakasulat na argumento, dapat mong isumite ang mga ito bago ang petsa ng pagdinig sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila sa koreo sa:

Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig
550 W. 7th Ave., STE 1940
Anchorage, AK 99501

ANO ANG GINAGAWA NG HUKOM NG BATAS ADMINISTRATIBO?

Ang Hukom ng Batas Administratibo (Administrative Law Judge, ALJ) ay responsable sa pagsasagawa ng patas na pagdinig at pag-abiso sa iyo tungkol sa desisyon sa isang sulat. Dapat kasama sa nakasulat na liham ng desisyon ang desisyon, ang dahilan para sa desisyong iyon, at ang mga batas o regulasyon na sumusuporta sa desisyon. Bilang karagdagan, ang liham ay may kasamang pahayag tungkol sa iyong mga karapatan at kung paano iapela ang desisyon.



MAYROON BANG ANUMANG LUGAR NA NAGBIBIGAY NG LIBRENG REPRESENTASYON SA PATAS NA PAGDINIG?

Sa pagdinig, maaari mong katawanin ang iyong sarili o magkaroon ng legal na kinatawan. Maaari kang maging kwalipikado para sa libreng legal na payo at representasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Korporasyon ng Serbisyong Legal ng Alaska sa (907) 272-9431 o 1-888-478-2572.

MAAARI MO BANG IPAGPALIBAN ANG NAKAISKEYDUL NA PATAS NA PAGDINIG?

May karapatan kang humiling at makatanggap ng **isang** pagpapaliban ng nakaiskedyul na patas na pagdinig, nang hindi lalampas sa **30** araw.

GAANO KATAGAL KA KAILANGANG MAGHINTAY PARA SA DESISYON SA IYONG PATAS NA PAGDINIG?

Ang Tanggapan ng Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearing, OAH) ay dapat magsagawa ng patas na pagdinig, ipaalam sa iyo ang desisyon, bigyan ka ng hanggang **15** araw upang iapela ang desisyon sa itinalagang Departamento at ipaalam sa iyo ang pangwakas na desisyon:

1. Sa loob ng **60** araw mula sa petsa kung kailan natanggap ng Dibisyon ang kahilingan para sa patas na pagdinig ng SNAP, o
2. Sa loob ng **90** araw mula sa petsa kung kailan natanggap ng Dibisyon ang kahilingan para sa patas na pagdinig para sa anupamang programa ng pampublikong tulong.

Kung ang pagdinig ay napagpasyahan na pabor sa iyo, ang Dibisyon ay may karagdagang 10 araw upang gumawa ng anumang kinakailangang pagbabago sa iyong mga benepisyo.

Ang mga takdang petsa para sa desisyon sa pagdinig ay palalawigin para sa parehong bilang ng mga araw kung kailan ipinagpaliban ang patas na pagdinig, o kung hindi naman ay naantala dahil sa iyong kahilingan.